# Social services, higit pang palalakasin sa QC- Mayor Joy B

Tiniyak ni Quezon City Mayor Joy Belmonte na higit pang mapapalakas ng lokal na pamahalaan ang pagkakaloob ng social services sa mga taga-lungsod partikular ang mahihirap.

Ito ay makaraang aprubahan ng QC Council ang P27.8 bilyong budget para sa susunod na taon o may 23 percent na mas mataas sa P21.5 bilyong budget ngayong 2019.

Sa naturang budget, ang social services ang nakakuha ng pinakamalaking bahagi ng pondo na may P12.3 bilyon o 44 percent ng kabuuang budget sa 2020.

Ngayong 2019, may kabuuang P8.4-billion lamang ang budget ng lokal na pamahalaan para sa social services.

Bunga nito, sinabi ni Mayor Belmonte na sa pamamagitan ng nailaang mas mataas na budget sa social services, higit pang mapapalakas ang pagkakaloob ng mas de-kalidad na mga programang magbibigay ng tunay na serbisyo partikular ang programang pang-edukasyon at health care.

Anya, isa ang hakbang na ito upang higit na mabigyang daan ng pamunuan ang pagpapabuti sa kapakanan at kabuhayan ng mga taga QC. *(Angie dela Cruz)*